

Alamin ang Iyong mga Karapatan **Ang dapat gawin kung pinatigil ka ng imigrasyon**

Lahat ng imigrante ay may mga legal na karapatan, kahit na wala silang legal na katayuan sa imigrasyon. Alamin kung paano protektahan ang iyong mga karapatan at maghanda para sa kontak sa imigrasyon.

Mga dokumentong dapat na dala mo kung pinatigil ka ng pulis o imigrasyon

Upang protektahan ang iyong mga karapatan, alamin ang:

- ▶ **kung anu-anong mga dokumento** ang dapat na *laging* dala mo, at
- ▶ **kailan ipapakita** ang mga ito sa imigrasyon o pulis.

Sundin ang mga hakbang na ito:

1. Gumawa ng **mga kopya** ng mga dokumentong nakalista sa ibaba:
2. Panatilihin ang mga *orihinal* sa isang ligtas na lugar kung hindi mo dala. Sabihin sa isang kamag-anak o kaibigan kung paano matatagpuan ang mga ito, kung kailangan.
3. **HUWAG** dalhin o ipakita sa nagpapatupad ng batas ang *anumang* nagpapakita na ikaw ay ipinanganak sa labas ng U.S., tulad ng isang pasaporte sa ibang bansa. Magagamit nila ang mga ito upang subukang i-deport ka.
4. **Maging handa.** Hanapin ang iyong kalagayan sa ibaba, mag-praktis, at maghanda.

Ang Dapat Gawin

*Depende ito sa iyong katayuan sa imigrasyon.
Hanapin ang iyong katayuan sa ibaba.
Nagpapaliwanag ito ng dapat gawin.*

Kung ikaw ay may balidong katayuan sa imigrasyon, tulad ng:

- ▶ isang green card,
- ▶ katayuan na asylum o refugee,

Ito ay isang *inpormasyong* pambatas, **hindi payong** pambatas. Makipag-usap sa isang abugado sa imigrasyon tungkol sa iyong kalagayan.



- ▶ Balidong visa ng estudyante o ibang visa, o
- ▶ Hindi pa pasong TPS (Pansamantalang Protektadong Katayuan)



Magdala: Ang batas ay nagsasabi sa iyo na ikaw ay **dapat** magdala ng card ng legal na permanenteng residente o mga papel ng imigrasyon na nagpapakita ng iyong katayuan.



Ipakita: Kung hiningi ng nagpapatupad ng batas ang iyong mga papel, ipakita ang iyong kopya.

Kung WALA kang balidong katayuan sa imigrasyon, pero ikaw ay *nag-aplay* para sa katayuan o may bukas na kaso, tulad ng:

- ▶ Isang nakabinbing aplikasyon sa asylum
- ▶ Isang bukas sa kaso sa korte ng imigrasyon
- ▶ Isang apela sa imigrasyon



Magdala: Magdala ng kopya ng iyong mga papel sa imigrasyon na nagpapakita na nag-aplay ka para sa katayuan o inaapela ang isang desisyon ng imigrasyon.



Ipakita: Kung inaresto ka, ipakita ang iyong mga papel sa ahente ng imigrasyon.

Mahalaga! Kung ikaw hindi ay inaresto, manatiling tahimik

Kung ikaw ay walang dokumento o ang iyong katayuan sa imigrasyon ay natapos na...



Magdala: Kung WALA kang kasalukuyang mga dokumento sa imigrasyon, pero nasa U.S. na nang hindi bababa sa **2 taon**, magdala ng katunayan ng iyong paninirahan dito, tulad ng:

- ▶ Iyong kontrata sa pagrenta,



- ▶ Mga rekord ng simbahan o paaralan na may address mo,
- ▶ Sulat na ipinadala sa iyo sa iyong home address, kabilang ang postmark na nagpapakita kung kailan ito ipinadala
- ▶ Ibang mga dokumento na nagpapakita ng iyong pangalan, U.S. address, at petsa.



Magpakita: Magpakita ng katunayan ng iyong paninirahan dito nang hindi bababa sa 2 taon kung ikaw ay inaresto. Ito ay maaaring magprotekta sa iyo mula sa mabilis na pag-deport sa iyo nang hindi nakikipagkita sa isang hukom. Kung hindi mo mapatunayan na ikaw ay naninirahan sa U.S. nang higit sa 2 taon, maaari ka nilang i-deport nang hindi nabibigyan ng pagkakataong makipagkita ng isang hukom.

Mahalaga! Kung ikaw ay hindi inaaresto, **manatiling tahimik.**

Ang dapat gawin kung pinatigil ka sa kalye, malapit sa iyong bahay, sa trabaho, o ibang pampublikong lugar

Alamin ang Iyong mga Karapatan

- ▶ Hindi mo kailangang makipag-usap sa kanila o sagutin ang *anumang* tanong. Maaari kang “manatiling hindi nagsasalita.”
- ▶ Kung wala kang katayuan, **huwag** magsalita at **huwag** sagutin ang *anumang* tanong.
 - **Maaari mong sabihin ang** “Ginagamit ko ang aking karapatang hindi magsalita” o
 - **Ibigay sa kanila** ang iyong card ng *Alamin ang Iyong mga Karapatan*, kung mayroon ka nito.

Ikaw ay dapat:

- ▶ **Manatiling kalmado.** Huwag tumakbo palayo o subukang patigilin ang mga ahente.
- ▶ **Irekord ang nangyayari** sa iyong telepono o ipagawa ito sa iba.
- ▶ **Itanong sa kanila** kung mula sa anong ahensiya ng pamahalaan sila habang nagrerekord.

- ▶ **Kung magtatanong sila, sabihin A** “Ginagamit ko ang aking karapatang huwag magsalita.”
- ▶ **Itanong:** “Pwede ba akong umalis?” Kung magsabi sila ng oo, kalmadong lumayo.

Maging Handa!

- ▶ **Magpraktis.** Mahirap manindigan para sa iyong mga karapatan. Magpraktis na sabihin nang malakas ang mga praseng ito. Gagawin nitong mas madaling sabihin ang mga ito kapag ikaw ay pinatigil.
- ▶ **Sauluhin** ang mga numero ng telepono na maaaring kailanganin mo upang tumawag sa isang emerhensiya.
- ▶ **Magdala ng isang card ng Alamin ang Iyong mga Karapatan** sa iyong wallet. Maaari kang mag-print ng isa [dito](#).
- ▶ Basahin ang tungkol sa mga raid sa lugar ng trabaho sa aming [Gabay sa mga Employer](#).

Kung kumatok sa iyong pinto ang imigrasyon

Alamin ang Iyong mga Karapatan

- ▶ **Hindi** mo kailangang papasukin sila sa iyong bahay maliban kung magpakita muna sila sa iyo ng isang [judicial warrant](#).
- ▶ Kung pinapasok mo sila sa iyong bahay may karapatan ka pa ring manatiling tahimik.

Ikaw ay dapat:

- ▶ **Manatiling kalmado.** Huwag buksan ang pinto o lumabas. Maaari kang makipag-usap sa kanila mula sa likod ng pinto.
- ▶ **Itanong kung sila ay mula sa imigrasyon at bakit sila naroon.** Hingin sa kanila na magpakita ng badge o ID. Maaari nilang itaas ito sa tapat ng isang peephole o isang bintana. Maraming magkakaibang ahensiya ng pagpapatupad ng batas (tulad ng pulisya, at mga pederal na ahente mula sa Drug Enforcement Administration (Pangasiwaan ng Pagpapatupad sa Droga, DEA)) ang gumagawa ng pagpapatupad ng imigrasyon ngayon.



- ▶ Ang mga ahente ng imigrasyon ay maaaring magsinungaling sa iyo upang makapasok sa iyong bahay. Maaari nilang sabihin na sila ay nag-iimbestiga ng isang krimen o kailangang “makipag-usap o mabilis na tingnan ang paligid.”
 - **HUWAG** silang papasukin. Sabihin, “*Hindi kayo maaaring pumasok sa aming bahay kung walang isang judicial warrant.*”
- ▶ **Kung sabihin nila na sila ay may judicial warrant**, sabihin sa kanila na ilusot ito sa ilalim ng pinto upang mabasa mo ito. *Tandaan:* HUWAG buksan ang pinto para sa kanila.
- ▶ **Tingnan kung ang warrant ay balido.** Maaaring ipakita ng mga ahente ng imigrasyon ang isang “administrative warrant” na **HINDI** nagbibigay sa kanila ng karapatang pumasok sa iyong bahay. Tingnan ang *Alamin kung paano suriin kung ang isang warrant ay balido* sa ibaba.
- ▶ **Kung ang warrant ay hindi balido, sabihin sa kanila na umalis.** *Tandaan:* Panatiliing nakasara at nakakandado ang pinto.
- ▶ Kung pumasok ang mga ahente sa pamamagitan ng puwersa, huwag manlaban o tumakbo. Iyon ay maaaring maging dahilan ng mas maraming problema sa huli. **Maaari mong sabihin**, “Hindi ako sumasang-ayon sa pagpunta o paghahanap sa aking bahay. Ginagamit ko ang aking karapatang hindi magsalita. Gusto kong makipag-usap agad sa aking abogado.”

Maging Handa!

- ▶ **Magpraktis.** Mahirap manindigan para sa iyong mga karapatan. Magpraktis na sabihin nang malakas ang mga praseng ito. Gagawin nitong mas madaling sabihin ang mga ito kapag ikaw ay pinatigil.

Alamin kung paano suriin kung ang isang warrant ay balido.

Kung sabihin nila na sila ay may *balidong judicial warrant*, suriin muna ito. Ang isang balidong judicial warrant ay:

- ▶ May mga salitang “*U.S. District Court*” o ang pangalan ng *state court* sa itaas
- ▶ Naglilista ng iyong pangalan, ng pangalan ng isang taong nakatira sa iyong bahay, o iyong home address
- ▶ Dapat na **pinirmahan** ng isang pang-estado, pederal, o mahistradong hukom. Maghanap ng pirma. Tingnan din kung ang titulo ng pumirma ay may kasamang salitang “Judge.” Tanging ang isang *hukom* — at **HINDI** isang “Hukom ng Imigrasyon” — ang makakapirma sa ganitong uri ng warrant. Tingnan ang iba pa sa ibaba.

Ang warrant ay **HINDI** balido kung ito ay:

- ▶ Nagsasabi ng Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bansa, DHS) sa itaas o may isang seal o tatak na nagsasabing “DHS.”
- ▶ May numero ng form DHS Form I-200 o DHS Form I-205 doon.
- ▶ Ay pinirmahan ng isang
 - ahente ng imigrasyon, o
 - hukom ng imigrasyon
- ▶ Kung ang warrant na ipinakikita nila sa iyo ay ANUMAN ng mga aytem na ito, ito ay **HINDI** isang judicial warrant.
- ▶ **Masasabi mo**, “Ito ay **HINDI** isang balidong warrant. Wala kayong permisong pumasok.”

Kung arestuhin o ikulong ka ng imigrasyon

Alamin ang Iyong mga Karapatan, na kabilang ang karapatang:

- ▶ manatiling hindi nagsasalita
- ▶ tumawag ng abogado



- ▶ tumanggap ng mga pagbisita mula sa isang abogado, iyong konsulado, at iyong pamilya kung ikaw ay nakakulong.
(Lahat ng kulungan ay may mga listahan ng mga numero ng telepono para sa mga konsulado. Hingin na makita ang listahan.)

Makipag-usap sa isang Abogado

- ▶ Kung sabihin nila sa iyo o mahal sa buhay na hindi ka maaaring makipag-usap sa isang abogado, tawagan ang American Bar Association mula sa iyong kulungan. Idayal ang code na ito: **2150#**
- ▶ Kung sa palagay mo ay nasa isang pasilidad ka ng militar para sa mga dahilang kaugnay ng imigrasyon, tawagan ang American Bar Association hotline: **(855) 641-6081**

Dapat kang Humanap ng Sarili Mong Abogado

Ang pamahalaan ay hindi *nagbibigay sa iyo ng abogado*. Kung wala kang abogado, humanap ng isa. Humingi sa opisyal ng isang listahan ng libre o murang mga abogado at mga serbisyong payong pambatas. May ilang sentro ng detensiyon na pumapayag sa iyo na magpatala para sa libreng sesyon ng “Alamin ang Iyong mga Karapatan” na itinatag ng panlabas na mga organisasyon. Makakahiling ka rin na bumisita sa aklatan ng batas upang magbasa ng sariling-tulong na mga gabay kung hindi ka makakuha ng abogado.

Alamin kung may karapatan kang palayain “on recognizance” (iyong sariling malayang kagustuhan), “sa piyansa” o “sa parol.” Ang imigrasyon ay nagkukulong ng ilang tao nang walang anumang access sa piyansa dahil sa isang nakaraang pag-aresto o conviction sa krimen. Ang pag-alam kung maaari kang humingi ng piyansa ay maaaring masyadong kumplikado. Humingi ng tulong sa isang abogado.

Ikaw ay dapat:

- ▶ **Manatiling kalmado.** Huwag tumakbo palayo o subukang patigilin ang mga ahente.
- ▶ **Kung magtatanong sila, sabihin ang** “Ginagamit ko ang aking karapatang huwag magsalita.”

- ▶ **Huwag** magsinungaling o magbigay ng maling impormasyon. Iyon ay maaaring magbigay sa iyo ng problema.
- ▶ **Kung ikaw ay natatakot bumalik sa iyong sariling bansa, sabihin ito nang malakas at malinaw sa bawat ahente na makikita mo.** Kung hindi mo sasabihin na ikaw ay natatakot, maaari ka nilang i-deport nang hindi nagbibigay sa iyo ng pagkakataong makipagkita sa isang hukom o humingi ng asylum.
- ▶ Kung naninirahan ka sa U.S. nang hindi bababa sa 2 taon, sabihin sa isang opisyal at magpakita sa kanila ng katunayan ng iyong paninirahan dito. Ito ay maaaring magprotekta sa iyong laban sa pinabilis na deportasyon.
- ▶ Kung ikaw ay nag-aplay para sa katayuan o umaapela sa isang desisyon ng imigrasyon, sabihin sa isang opisyal at ipakita ang katunayan ng iyong aplikasyon o apela.

HUWAG pumirma sa anumang mga dokumento

nang hindi muna nakipag-usap sa isang abogado o humingi na basahin ito sa iyo sa iyong sariling wika, lalo na ang anumang dokumento na nagsasabi ng:

- ▶ Waiver
- ▶ Itinakdang Utos na Pagtanggag, o
- ▶ Pagsang-ayon sa Boluntaryong Pagtanggag

Kung pipirmahan mo ang mga papel na ito, maaaring isinusuko mo ang iyong karapatang makipag-usap sa isang abogado o isang hukom, at ang iyong kakayahang bumalik sa U.S. o mag-aplay para sa katayuan.

Mga bagay na sasabihin sa Ahente ng Imigrasyon

- ▶ Sabihin sa ahente kung ikaw ang **magulang o pangunahing tagabigay ng pangangalaga** ng isang anak (o nasa hustong gulang na may kapansanan) na isang mamamayan ng U.S. o humahawak ng green card.
- ▶ Sabihin sa kanila kung ikaw ay buntis.

- ▶ Sabihin sa kanila kung ikaw ay may kapansanan, sakit, o kondisyong pangkalusugan.
- ▶ Kung ikaw ay may kasamang mga anak nang ikaw ay ikulong, o gustong tumawag sa trabaho, itanong sa mga ahente kung makakatawag ka sa isang kamag-anak o kaibigan.
- ▶ **Itanong** ang pangalan, numero ng telepono ng ahente ng deportasyon, at iyong A-number.

Itanong kung maaari kang palayain sa parol o piyansa

Sabihin sa ahente kung saan ka titigil kung palalabasin ka nila.

Kung sabihin nila na hindi, humingi ng pagdinig para sa piyansa sa isang hukom ng imigrasyon. Kung makakuha ka ng pagdinig para sa piyansa, ipakita sa hukom ang katunayan ng iyong kaugnayan sa iyong komunidad, tulad ng

- ▶ mga rekord ng trabaho, paaralan, at boluntaryo, at
- ▶ mga liham ng suporta mula sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa iyong magandang karakter.

Maging Handa: Maaaring Mangailangan ka ng isang Abogado

Alamin ang iyong mga opsyon ngayon, kabilang ang libre o murang payong pambatas.

Mas madaling humanap ng abogado *bago* ka ikulong. Tiyakin na maibigay sa iyong pamilya ang impormasyon sa pag-kontak sa abogado para kung sakaling ikulong ka.

Magagamit mo ang mga link na ito upang humanap ng isang abogado sa imigrasyon:

- ▶ Ang online na direktoryo ng American Immigration Lawyers Association ng mga pribadong abogado ay narito: ailalawyer.com/
- ▶ Ang American Bar Association ay may listahan ng mga grupo ng abogado sa buong bansa. Makakahanap ka para sa bawat grupo ng estado ng mga abogadong humahawak ng mga kaso sa imigrasyon: https://www.americanbar.org/groups/legal_services/flh-home/flh-bar-directories-and-lawyer-finders/

- ▶ Ang direktoryo ng Immigration Advocates Network at Pro Bono Net ay naglilista ng libre at murang mga abogado: immi.org/en/Info/FindLegalHelp.

Gumawa ng isang planong pangkaligtasan ngayon!

- ▶ **Sauluhin ang mga numero ng telepono** ng mga taong maaaring kailangan mong tawagan kung ikaw ay arestuhin, tulad ng isang kamag-anak, pinagkakatiwalaang kaibigan, o abogado.
- ▶ **Makipag-usap sa isang abogado sa imigrasyon ngayon.** Itanong ang tungkol sa mga panganib at opsyon sa iyong partikular na kalagayan. Itanong sa kanila kung kwalipikado ka para sa paglaya sa piyansa o sariling recognizance kung ikaw ay makulong.
- ▶ Kung ikaw ay isang **magulang o tagabigay ng pag-aalaga**, gumawa ng isang **back-up plan** tungkol sa kung paano **magkakaloob ng pag-aalaga** at **protektahan ang iyong mga anak** kung ikaw ay arestuhin.
- ▶ Panatilihin ang iyong mahahalagang papel, tulad ng mga sertipiko ng kapanganakan at mga papel sa imigrasyon, sa isang ligtas na lugar. Sabihin sa isang kamag-anak o kaibigan kung saan mo inilagay ang mga papel upang makuha nila ang mga ito kapag kailangan.
- ▶ Sabihin sa iyong mga mahal sa buhay na kung ikaw ay damputin ng Immigration (ICE), magagamit nila ang mga link na ito upang malaman:
 - **Kung saan** ka nakakulong: locator.ice.gov/odls/#/search
 - Kung paano kontakin ang opisina ng kanilang panrehiyong ICE: ice.gov/contact/ero
 - **Katayuan ng iyong kaso sa korte ng imigrasyon** mula sa hotline ng Executive Office for Immigration Review (Opisina ng Tagapagpaganap para sa Pagsusuri ng Imigrasyon, EOIR): 24/7 Hotline: 800-898-7180 (walang-bayad) na Online na tagatunton ng kaso: acis.eoir.justice.gov/en.



Tiyakin na ang isang kamag-anak o kaibigan ay may **A-number** mo, kung mayroon ka nito. Ang isang A-number ay isang 9-digit na numero na nagsisimula sa isang A at nasa karamihan ng mga papel sa imigrasyon.

Kung gusto mong labanan ang iyong deportasyon

Alamin ang Iyong mga Karapatan

- ▶ Ikaw ay may karapatan sa isang **abogado**, pero ang pamahalaan ay hindi magbabayad para rito. Pinakamabuting kumonekta sa isang abogado sa imigrasyon BAGO may mangyari. (Tingnan ang nasa itaas.)
Tandaan: Ikaw ay may mas mahusay na tsansa na ipanalo ang iyong kaso kung ikaw ay may isang abogado dahil ang batas sa imigrasyon ay kumplikado. Dapat panatilihin ng iyong abogado na pribado ang sasabihin mo sa kanila (maliban kung bibigyan mo sila ng permiso).
- ▶ Kung ikaw ay may mga **koneksyon** sa U.S. o malalagay sa **panganib** kung ikaw ay ide-deport, maaari mong magawang labanan ang deportasyon sa pamamagitan ng paghingi ng asyllum, pagkansela ng pagtanggap, o ibang mga uri ng proteksyon laban sa deportasyon.
- ▶ Kung hindi ka nila payagang makipag-usap sa isang hukom ng imigrasyon, ikaw ay inilagay sa pinabilis na deportasyon, tinatawag ding *pinabilis na pagtanggap*. Dapat mong sabihin sa iyong opisyal sa deportasyon kung ikaw ay natatakot bumalik sa iyong bansa at hingin na makipagkita sa isang hukom ng imigrasyon.
- ▶ Kung ikaw ay mayroon nang isang pinal na utos na deportasyon, ang imigrasyon ay maaaring mag-deport sa iyo nang hindi nakikipagkita sa isang hukom maliban kung mabilis kang kumilos upang muling pabuksan ang iyong lumang kaso sa korte ng deportasyon.

Upang magbasa ng iba tungkol sa mga opsyon upang labanan ang deportasyon at kung paano depensahan ang iyong sarili nang walang abogado, i-click dito: acaciajustice.org/legal-resources/resources/ at dito: <https://firrp.org/es/resources/prose/>

Ikaw ay dapat:

- ▶ **Magsabi sa bawat ahente na makita mo kung ikaw ay natatakot na bumalik sa iyong sariling bansa. Sabihin ito nang malakas at malinaw.** Kung *hindi* mo sasabihin na ikaw ay natatakot, maaari ka nilang i-deport nang hindi nagbibigay sa iyo ng pagkakataong makipagkita sa isang hukom o humingi ng asyllum.
- ▶ Kung ikaw ay may abogado:
 - **Ibahagi ang lahat ng impormasyon** na taglay mo sa iyong abogado sa imigrasyon. Kabilang dito ang iyong:
 - kasaysayan sa imigrasyon,
 - *anumang* mga pag-aresto o conviction sa krimen sa iyong rekord,*
 - pamilya, trabaho, at pinagdaanang panlipunan,
 - ano ang mangyayari sa iyong pamilya sa U.S. kung kung i-deport ka, at
 - ano ang mangyayari sa iyo kung i-deport ka sa iyong sariling bansa.

*Huwag itago ang anumang pag-aresto o krimen. Kilangan ng iyong abogado ang impormasyong iyon upang malaman kung paano pinakamahusay na makakatulong sa iyo.
 - **Kumuha ng suporta mula sa iyong komunidad.** Ang iyong pamilya, mga kaibigan, at iba pa sa iyong komunidad ay maaaring makasuporta sa iyong kaso sa pamamagitan ng:
 - pagsulat ng mga liham ng suporta



- pagbibigay ng katunayan ng iyong mga kontribusyon sa komunidad, o
 - ano ang mangyayari sa iyo kung i-deport ka sa iyong sariling bansa.
- ▶ Kung wala kang abogado:
- **Humingi sa ahente sa imigrasyon o hukom ng karagdagang oras** sa iyong kaso kung gusto mo ng isang abogado pero wala pa nito.
 - Itanong kung plano nilang **pabilisin ang pag-deport** sa iyo o ipadala ka sa isang **regular na pagdinig sa deportasyon** sa isang hukom ng imigrasyon.
 - Maaari nilang pabilisin ang pag-deport sa iyo kung ikaw ay nasa U.S. nang *mas mababa* kaysa 2 taon.
Mahalaga! Kung ikaw ay naninirahan sa U.S. nang higit sa 2 taon, sabihin sa kanila at magpakita sa kanila ng katunayan. Sabihin sa kanila na may karapatan kang makipagkita sa isang hukom ng deportasyon.
 - Kung ikaw ay mayroon nang isang *pinal* na utos na deportasyon, subukang makipag-usap sa isang abogado sa pinakamaagang panahon na posible. Ang tanging paraan na mapapatigil mo ang deportasyon ay kumuha ng isang “stay” o muling buksan ang iyong kaso. Kung ikaw ay may isang apela na bukas sa Lupon ng mga Apela sa Imigrasyon, iyon ay nangangahulugan na ang iyong deportasyon ay *hindi pinal* at dapat kang magpakita agad ng katunayan ng iyong apela sa iyong opisyal ng deportasyon.

Ang mga krimen ay iba sa mga paglabag sa imigrasyon

Alamin ang Iyong mga Karapatan

- ▶ Isang **krimen** na tumawid sa hangganan nang walang permiso. Maaari ka nilang ikulong.
- ▶ Maaari kang kasuhan ng mga awtoridad ng krimeng ito (pagkakasalang krimen) bago simulan ang kaso ng deportasyon.

- ▶ Mayroon isang 5-taon na limitasyon (*batas sa mga limitasyon*) para sa **krimen** ng pagtawid sa hangganan nang walang permiso. Ito ay nangangahulugang hindi ka nila makakasuhan kung ikaw ay nasa U.S. nang higit sa 5 taon.
- ▶ Kung ikaw ay inaresto para sa isang **krimen**, ang pamahalaan ay dapat magbayad para **ikaw** ay makakuha ng abogado. Kung ang iyong kasong krimen ay nasa isang pederal na hukuman, ang iyong abogado ay tinatawag na *pederal na tagadepensa*.

Ikaw ay dapat:

- ▶ Kung ikaw ay arestuhin, alamin (o kumpirmahin) kung kinakasuhan ka nila ng isang pagkakasalang **krimen** o isang paglabag sa **imigrasyon**.
Magagawa mong:
 - Itanong sa isang opisyal kung saan ka nakakulong, at/o
 - Hingin sa isang kaibigan o kamag-anak na hanapin ka sa [Online na Sistema ng Tagahanap ng Nakakulong ng ICE](#) (para sa mga paglabag sa **imigrasyon**) at sa [pampublikong sistema ng tagahanap ng Kawanihan ng mga Bilangguan](#) (para sa mga pederal na kasong **krimen**).
- ▶ Kung ikaw ay kinasuhan ng isang pagkakasalang **krimen**, gamitin ang iyong karapatan na **manatiling hindi nagsasalita** at **hingin na makausap ang iyong pederal na tagadepensa**.

Sabihin sa iyong pederal na tagadepensa at sa hukom kung ikaw ay natatakot bumalik sa iyong pinagmulang bansa.

Kung ikaw ay nasa isang kulungan o bilangguan dahil sa isang pagkakasala na hindi sa imigrasyon

Alamin ang Iyong mga Karapatan

- ▶ Ang ilang pag-aresto at conviction ay makakaapekto sa iyong kaso sa imigrasyon. Ang lugar na ito ng batas ay *masyadong* kumplikado. May karapatan kang malaman



kung paano maaaring makaapekto ito sa iyong katayuan sa imigrasyon bago ka magpasya kung paano mag-plea. Hingin sa iyong abogado na kunin ang impormasyong iyon mula sa isang abogadong may karanasan sa mga kaso sa *krimen-imigrasyon*.

- ▶ Magkaroon ng kamalayan! Kung minsan ang mga opisyal ng imigrasyon ay pumupunta sa mga kulungan o bilangguan upang kumuha ng impormasyon na makakatulong sa kanila na i-deport ka. Kung may opisyal ng imigrasyon na gustong kausapin ka, gamitin ang iyong karapatang hindi magsalita.
- ▶ Kung minsan ang mga opisyal ng imigrasyon ay nagsasabi sa mga kulungan o bilangguan na panatilihin ka doon nang mas matagal, kahit na ikaw ay karapat-dapat ilabas. Ang kulungan ay maaaring lumalabag sa iyong mga karapatan kung pinananatili ka nila doon nang higit sa 48 oras pagkatapos ng iyong petsa ng paglabas. Kung gawin nila ito, makipag-usap agad sa isang abogado sa imigrasyon.
- ▶ May karapatan kang tumawag at tumanggap ng mga pagbisita mula sa iyong konsulado. Maaaring makatulong sila na makakuha ka ng isang abogado sa imigrasyon o libreng payong pambatas.

Ikaw ay dapat:

- ▶ Kumuha ng kopya ng iyong rekord ng krimen para sa anumang nakaraang conviction at pag-aresto, kabilang ang sertipikadong sertipiko ng disposisyon. Ang ilang korte ay pumapayag na gawin mo ito online.
- ▶ Kung may aktibidad ng krimen sa iyong rekord, kahit na ang iyong kaso ay naresolba, **makipag-usap sa isang abogadong may karanasan sa batas sa imigrasyon at krimen**. Itanong sa abogado ang mga ito:
 - Paano makakaapekto ang aking nakaraang (mga) pag-aresto o (mga) conviction sa aking katayuan sa imigrasyon ngayon o sa hinaharap? Maaari ba akong i-deport?
 - Maaari ba akong maging karapat-dapat humingi na lumabas sa pamamagitan ng piyansa kung ako ay arestuhin ng imigrasyon?
 - Maaari pa ba akong mag-aplay para sa green card, mga benepisyo, o iniakmang katayuan nang walang panganib ng pag-aresto o detensiyon ng imigrasyon?
 - May awtoridad ba ang pamahalaan na subukang i-deport ako dahil sa aking kasaysayan ng krimen?